TAGALOG

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Hunyo 2023 No.74

International Relations Division
Citizens and Cultural Affairs
Nagano Prefecture
TEL : 026-235-7165
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Pabatid

## Notipikasyon para sa Partnership System sa Nagano, mag-uumpisa na

Inestablisa ang "Partnership System" sa prepektura ng Nagano sa layuning mabawasan ang hadlang at maging magaan para sa sexual minority ang mabuhay sa lipunan.

### Bakit kailangan ang sistemang ito?

Sa kasalukuyan, ang 9% ng populasyon ng Japan ay nabibilang sa seksuwal na menorya.

Samakatuwid, nakakasalamuha natin sila sa araw-araw nang hindi napapansin. Kaya, posibleng masaktan sila sa walang konsiderasyong pananalita at kilos ng mga nasa paligid nila.

Layunin ng sistemang ito na mabawasan ang hadlang sa kanilang pamumuhay.



### Paano mailalarawan ang sistemang ito?

Kapuwa ang magkapareha o kaya ang isa sa kapareha na napapabilang sa seksuwal na menorya ay sumumpa na maging kasama at susuporta sa isa't isa at bilang isang katibayan, ang kanilang pagsasama ay irereport sa pamamagitan ng isang notipikasyon.

### Tungkol sa Notipikasyon

Ang pagpapatala ay maaari nang tanggapin mula sa ika-10 ng Hulyo, ngayong ikalimang taon ng Reiwa.

Ang paliwanag tungkol sa pagpapatala ay makikita sa website ng Nagano Prefecture.

○Website ng Nagano Prefecture
https://www.pref.nagano.lg.jp/jinken-danjo/sogi/partnership.html

Konsultasyon

## Libreng Konsultasyon

Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay magsasaganap ng libreng konsultasyon para sa mga residenteng banyaga. Libre ang pagkonsulta sa Judicial Scrivener (Shihō Shoshi) at Administrative Scrivener (Gyōsei Shoshi).

Walang bayad

| Munisipalidad | Petsa | Oras | Lugar |
|---|---|---|---|
| Shiojiri | Hunyo 23, Biyernes | 10am-3pm | Hoken Fukushi Center |
| Matsumoto | Agosto 22, Martes | 10am-3pm | M-Wing |
| Ueda | Septyembre 8, Biyernes | 10am-3pm | Ueda City Hall Main Building |
| Komoro | Septyembre 13, Miyerkules | 10am-3pm | Komoro Shimin Kōryu Center |
| Nakano | Septyembre 29, Biyernes | 10am-3pm | Nakano Shimin Kaikan |



※Posibleng mabago ang petsa at lugar.
Tingnan ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

**Pabatid**

## Hulyo, buwan ng promosyon para Multikulturalismo

Umabot na sa 38,101 ang residenteng banyaga na nakatira sa loob ng prepektura ang naitala noong Disyembre 2022. Sa Nagano, ang Hulyo ay itinalagang buwan ng promosyon para sa Multikulturalismo upang maging pamilyar ang mga residente tungkol dito.
Bilang magka-partner sa paglikha ng lipunan na lahat ay sabay na natututo at kapuwa aktibo, nais mo rin ba na maging bahagi sa pagsulong ng multikulturalismo?

Ito ang poster para sa promosyon ng multikulturalismo. Ipapamahagi at idi-display ito sa bawat munisipyo, kolehiyo, at gusali ng prepektura.




**Trapiko**

## Naging obligasyon na ang pagsisikap na magsuot ng helmet kapag sasakay sa bisikleta (*doryoku gimu*)

Naging obligasyon na ang pagsisikap na magsuot ng helmet kapag sasakay ng bisikleta umpisa sa Abril 1, 2023.

**Ano ang *Doryoku Gimu* (Obligasyon na Magsikap)**
Ayon sa batas, tumutukoy ito sa obligasyon na "*magsikap na isagawa ang isang bagay*". Ito ay paghimok sa indibidwal na gumawa ng pagsisikap kaya hindi ito sapilitan at walang parusa o multa.



Dito sa Nagano, halos 48% ng namamatay sa aksidente sa bisikleta ay dahil sa pagkabagok ng ulo. Ang isang hindi nakasuot ng helmet ay may dobleng panganib na humantong sa pagkamatay kumpara sa nakasuot ng helmet.

**COVID - 19**

## Inilipat ang kategorya ng COVID-19 sa Class 5

Ang kategorya ng COVID-19 ay ibinaba na sa class 5 mula Mayo 8, 2023.

**～Pangunahing Pagbabago～**

・Wala nang utos ang gobyerno na manatili sa bahay ang isang positibo sa COVID19.
⇒ Ngunit, inirerekomenda na huwag munang lumabas ng bahay **5 araw simula sa araw na nahawa (karagdagang 1 araw pa simula sa araw na gumaan na ang sintomas)**
・Ang Health Center ay hindi na magsasagawa ng anunsiyo tungkol sa nagkaroon ng close contact sa isang positibo sa COVID-19. Hindi na rin pipigilang lumabas ang kapamilya nito.



Araw na lumitaw ang sintomas

**Iwasang lumabas sa loob ng 5 araw at kahit pa natapos na ang 5 araw at pawala na ang sintomas, maghintay pa rin ng karagdagang 24 oras bago lumabas**

(pamantayan sa pagdesisyon)

Posible nang lumabas



Mag-ingat pa rin kahit unti-unti nang bumabalik sa dati ang pamumuhay bago magka-COVID19.

Ang「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)
📞026-219-3068 / 080-4454-1899　ホームページ：https://www.naganoken-tabunka-center.jp/